

# 1

Tahimik ang canteen. May mangilan-ngilan lang na estudyante na pawang mga engineering students ang naroon. Sa uniform pa lang niya ay halata nang hindi taga-Engineering si Heart.

Sigurado ang dalaga na kilala siya ng mga naroon estudyante. Mukhang nasanay na rin ang mga ito sa presence niya. Naaaliw na lang siguro sa lantarang pagbuntot niya sa pinag-aagawan at misteryosong lalaki sa Engineering Department.

Wala ring maglalakas-loob na sumita sa kanya dahil kilala sa pribadong unibersidad na iyon ang lolo niya, si Don Manolo Navales.

Ipinatong niya ang kanyang baba sa kamay na nakatukod sa mesa. She really had no business being in that canteen. After all, high school student lamang siya.

Pero walang pakialam si Heart. Hindi siya isang ordinaryong high school student lamang. She was the campus princess, short-tempered and determined. Halos celebrity kung ituring siya ng lahat sa school, usap-usapan ng mga tao 24/7. May mga naririnig

siyang pabor sa kanya at mayroon ring masasamang chismis.

Nakita niyang nagbubulungan ang mga babaeng kapapasok lang ng canteen. Sa palihim na tingin na ipinupukol ng mga ito sa kanya ay halatang siya ang pinag-uusapan ng magagaling na mga babae.

*Campus flirt*—iyon yata ang latest alias niya at wala siyang pakialam kahit na ilandaang libo pa ang ipangalan sa kanya basta nasa kanya pa rin ang tiwala ng lolo niya at ng kanyang mga magulang. Para sa kanya, ang nababagay lang na itawag para sa isang April Heart Navales ay *Prinsesa*.

At ang prinsesa na tulad niya ay hindi ipokrita kaya hindi niya ipagkakailang she loved the attention she was getting.

Kinuha niya ang wallet. Napangiti siya nang makita ang mukha ng target niya. Isang libo rin ang ginastos niya para maipanakaw ang litratong iyon sa wallet mismo ng kanyang target.

Nag-materialize sa entrada ng canteen ang lalaking pinapangarap niya. Brandon Mercado ang pangalan ng bagong apple of her eye. Inayos na niya ang sarili and with the inborn grace she'd always possessed ay naglakad na siya palapit sa lalaki.

Pero bago pa man siya makalapit ay nawala na ang balanse niya dahil sa lakas ng impact ng pagbangga ng kung sino sa kanya. Lumagpak sa sahig ang puwet niya.

Nagpipigil ng inis na tumayo si Heart at hinarap ang nagdala ng kamalasan sa kanya nang araw na iyon. Napataas ang kilay niya nang makilala kung sino ang makakatikim ng pagtataray niya.

“I’m sorry, nagmamadali lang ako, Miss,” sinserong paghingi nito ng paumanhin.

*Miss?* Hindi siya nito kilala samantalang siya kilala ito?

Nicolo Horacio Pozon. Nico ang karaniwang tawag sa lalaki. Kaparehas niya ito ng record: hindi maganda.

Graduating na ito, taga-Engineering Department, transfer student galing Manila. Sikat ito dahil ito ang karaniwang *tipo* ng mga babae. Five feet and eight inches, moreno, may makakapal na kilay at sexy, kissable lips. His straight nose and strong jaw spelled arrogance and confidence. In short, naging popular ang lalaki dahil sa charm nito at kayabangan.

Isang bagay ang natitiyak ni Heart: Hindi niya ito type.

He already said sorry, but the lady just looked at him and raised her perfectly shaped eyebrows. Tutulungan sana niya itong tumayo pero alam ni Nico na hindi nito maa-appreciate iyon.

Sino nga ba ang hindi nakakakilala rito? April Heart Navales looked like a goddess. Baka nga kulang pa iyon para ilarawan ang ganda nito, pero hindi siya ang lalaki na nadadala sa ganda lang.

Importante kay Nico ang breeding—pagkatao, ugali. At tingin niya, nagkulang si Heart sa aspetong iyon.

His gaze went down to her shoes. High school pa lang ito pero high heels na ang suot. Hindi iyon ang unang beses na nakita niya sa departamento nila ang apo ng isa sa mga may-ari ng unibersidad.

Ang totoo, kahit sino siguro ay mapapahanga sa tiyaga ng dalaga.

Nakita niyang napatingin ito sa rason kung bakit ito nandoon sa department nila. Di kalayuan ay nakatayo ang number one sa klase nila na si Brandon. Nang mapansin ni Heart na nasa malapit lang ang kinahuhumalingan nito ay nabawasan ang inis na kanina ay mas maliwanag pa sa sikat ng araw na

nakalarawan sa mukha nito.

“I already apologized,” pagre-remind niya rito, pero naka-focus na ang attention nito kay Brandon.

Iyon ang unang pagkakataong may babaeng hindi naging attentive sa sinasabi niya at iyon ay walang iba kundi si Heart Navales. Pinagpag ulit ni Heart ang uniporme nito at naglakad na sana para lampasan siya. But Nico's ego made him raise his hand to stop her by grabbing her arm.

“Humingi ako ng paumanhin, Miss.” Ipinagdiinan niya ang bawat salita. Mukhang mahina yata ang pick up ni Miss Navales.

“At hindi ko tinatanggap ang apology mo,” balewalang sabi ng dalaga. She tried removing his hand pero di hamak na mas malakas siya rito.

Inilapit niya ang mukha sa babae. Isang ngiti ang gumuhit sa kanyang mga labi nang parang may nakakahawa siyang sakit na umatras ito palayo. Nakita ni Nico ang paglunok ng prinsesa. Umangat ang isang sulok ng kanyang bibig nang marinig niya ang kantiyawan ng ibang nasa canteen. Nagsimula nang mag-umpukan ang mga tao roon at parang may nakatutok na spotlight sa kanila ni Heart.

May mga taga-ibang department at kurso na nasa

paligid nila. Hindi naitago ng prinsesa ang kaba nang umatras ulit ito pagkatapos niyang tangkaing ilapit muli ang mukha rito.

So she's not that fearless after all. She was as human as the rest of them.

Kasinungalingan lang pala ang usap-usapan na malamig pa sa yelo ang mahal na prinsesa. Still holding her, he inched forward but maintained some distance between them.

“It's impolite to just walk away.”

Ngumiti si Heart. Her smile didn't reach her eyes and it amused him. Nakakaaliw palang panoorin habang nate-tense ang campus princess.

“Huwag mong painitin ang ulo ko,” utos nito sa tinig na si Nico lang ang makakarinig sa hina. Pinipilit nitong ngumiti nang sabihin iyon pero hindi ito nagtagumpay na itago ang pagkayamot.

“All you have to do is to accept my apology. Right, Brandon?” Tumingin si Nico sa direksyon ni Brandon na nakamasid lamang sa eksena nila ng prinsesa.

“Okay,” she said.

Binitawan niya si Heart. Akala niya ay panalo na siya. Pero nagkamali si Nico dahil malakas na pag-

aray niya ang sunod na umalingawngaw sa buong canteen.

---

Lie low muna siya sa pagpapapansin kay Brandon. Kahit hindi siya sang-ayon sa payo ng mga kaibigang sina Megs at Zandra ay iyon mismo ang ginagawa ni Heart. Naging abala siya sa pagtatago kay Nico dahil napag-alaman niya na hina-hunting siya ng lalaki.

Nakahinga siya nang maluwag nang makauwi siya ngayong araw nang di nahuhuli ni Nico. Malamang kaya siya hinahanap ng lalaki ay para makaganti sa ginawa niyang panunuhod dito. Tingin niya ay hindi lang ang pagkalalaki nito ang nasaktan kundi pati na rin ang iniingatan nitong pride.

“Señorita, may bisita po na naghihintay sa inyo,” pag-iimporma sa kanya ni Mitring.

Masiglang naglakad na siya papunta sa living room. Baka dumating na ang Auntie Selena niya mula US. Spoiled kasi siya sa auntie niya. Malamang marami itong pasalubong.

Her excitement dissipated when she recognized her visitor. Kausap ito ng papa niya. Isang bisitang lalaki. The height, the body frame, and the profile—it could only be one person: Nico.

*Shucks! Ano'ng ginagawa ng lalaking 'to sa bahay namin?*

Nang mapagtantong hindi si Auntie Selena kundi si Nico ang bisita niya ay balak na sana niyang tumalilis.

“Hija!”

*Oh, no!* Nalingunan na siya ng kanyang ama.

“Heart, Princess! May bisita ka.”

*Naman!* Dahan-dahan siyang pumihit paharap ulit sa dalawa. Nag-aatubiling lumapit siya at nagmano sa kanyang papa.

“Kanina ka pa hinihintay nitong si Nico,” sabi ni Mr. Maurice Navales.

Pinagtaasan niya ng kilay si Nico na hindi naman napansin ng ama dahil mukhang galak na galak ito sa pagdating ng lalaki sa bahay nila.

“Hindi mo man lang sinabi sa 'kin na kaibigan mo pala ang anak ng Tito Gener mo.”

Hinalungkat pa niya sa memory bank niya kung sino ang Tito Gener na sinasabi ng kanyang papa. Pero hindi niya talaga maalala kaagad kung sino ang tinutukoy nito.



Ah! Malamang ay iyon ang ikunukuwento palagi ng mama niya na nag-matchmake umano sa mga ito kaya malaki raw ang utang na loob nila. Kaya pala masaya ang ama niya sa pagbisita ni Nico sa bahay nila.

“Pa, hindi ko naman alam na si Tito Gener ang ama ng *kaibigan* ko.” Idiniin niya ang salitang *kaibigan*.

Hindi niya alam kung ano na ang pinagsasabi ni Nico sa kanyang papa, ang sigurado lang ni Heart ay nakuha ng number one enemy niya ang tiwala nito.

“Well, ngayon alam mo na. Treat him well, Princess. Hijo, feel at home and salamat sa pagkukuwento tungkol sa papa mo. Nang lumipat na kayo sa Maynila ay wala na ako ulit naging balita. Siya sige, maiwan ko muna kayo at susunduin ko pa ang mama mo, Princess,” baling sa kanya ng ama.

Ito na nga ba ang pinakaayaw niyang mangyari. Nagawa niyang magtago mula kay Nico sa school pero nasundan naman siya nito sa kanila. Worse ay mukhang welcome na itong maglabas-pasok sa bahay nila dahil anak ito ng *kaibigan* ng papa niya.

Nang mawala na sa paningin nila ang ama ay kakaripas na sana siya paakyat ng hagdan. Pero di

pa man siya nakakahakbang ay pinigilan na siya ni Nico sa braso.

“Masakit ang ulo ko.” Hinawakan niya ang kanyang sentido at tinangkang bawiin ang brasong hawak ni Nico.

“Hindi mo pa tinatanggap ang apology ko,” seryosong sabi nito.

“Just forget about it, okay? I accept your apology. Happy?” Nagpa-cute siya. Baka sakaling madala ito ng karisma niya. Pero binigyan lang siya ni Nico ng nang-uuyam na ngiti. “I forgive you,” aniya, tumango-tango pa. “Can I go upstairs now and rest?”

“No. May atraso ka pa sa ’kin. Hindi mo lang ako ipinahiya sa harapan ng iba, you owe me an apology.” Hinatak siya ni Nico padikit sa katawan nito at inilapit ang bibig nito sa tainga niya.

*Why does this man smell so good?* Naipikit ni Heart ang kanyang mga mata para mas ma-enjoy ang bango na nanunuot sa kanyang ilong.

“Mag-sorry ka sa ginawa mo sa ’kin,” tila naiinip na utos nito na pumutol sa pagdi-daydream sana niya.

She opened her eyes and rolled her eyeballs. “Siya, siya, I’m sorry. Okay na?” Hindi niya maitago

ang inis sa boses.

“Napipilitan ka lang yata, eh,” reklamo nito.

“Hindi, ah. Pero pag di ka tumigil sa pangungulit mo ay baka gawin ko ulit ang ginawa ko sa canteen.”

“Okay, okay.” Binitawan siya nito.

“Find your own way out,” taboy niya rito.

## 2

“Ano na naman?” gigil na tanong ni Heart.

Pinigilan ni Nico ang sarili na mapangiti nang lumaki na ang mga butas ng ilong ng dalaga dahil sa inis.

“You want to make Brandon fall in love with you,” pagpapatuloy niya kahit na hayagang ipinapakita ni Heart na hindi ito interesadong makipag-usap pa sa kanya.

“Iyon naman talaga ang ginagawa ko until a few days ago nang may lalaking sumira ng diskarte ko,” pagpaparinig nito.

Sa halip na ipagtanggol ang sarili ay nginitian lang niya ito. “Hindi ko iyon sinadya, okay?”

“Pero sinira mo pa rin ang diskarte ko,” giit ng dalaga.

“Whoa! Tapos na iyon. And I thought you accepted my apology?” Inirapan lang siya ni Heart. Nico found it amusing.

“Whatever,” balewalang sagot nito.

“Your Brandon is courting Stacey. Classmate namin iyong babae sa ilang major subjects namin. In fact, I saw Stacey first. You could say, if Brandon was your target, Stacey was mine. I know you are head over heels in love with Brandon. I’ll help you get him. That will leave the field clear for me to get Stacey.”

“You want to help me dahil gusto mong makuha ang babae na nagugustuhan ni Brandon. That’s low.”

“So pababayaang mo lang na mapunta si Brandon sa iba?” panunulsol niya. Kahit na maldita si Heart ay alam niya ang kahinaan nito. And he was prepared to use it against her.

Kumibot-kibot ang labi ni Heart para magdahilan pero wala na talaga siyang maisip na pang-counter attack kay Nico. The guy was offering to help her. Pero tuwing titingin siya sa lalaki, parang may nakalagay na malaking danger sign sa guwapong mukha nito.

“Hindi mo kayang panindigan ang paghahabol mo sa bagong crush mo?”

*Parang hindi iyon tanong, ah.* He was mocking her.

“Ano’ng balak mo?” napipilitang tanong niya rito at isinantabi ang nadaramang pag-aalangan kay Nico. Hindi niya alam kung bakit, pero naaasiwa siya

sa lalaki.

Saka ano ba ang masama sa malaman ang plano nito? Pakikinggan niya lang. Kung hindi siya sang-ayon, madali lang naman tumanggi, di ba?

Sinabi ni Nico na simpleng babae raw ang tipo ni Brandon. Iyon daw ang nakita nito kay Stacey. Simple lang daw si Stacey, pero namumukod-tangi ang ganda. Marunong daw makisama ang babae na kinahuhumalingan ni Brandon—at ni Nico—at higit sa lahat, marunong daw sa buhay at sa bahay ang dalaga.

“Siya, alam ko na kung gaano kaperpekto iyang Stacey n’yo. Ano’ng plano mo?” Hindi na niya tinago ang pagkainip. Sa totoo lang, gusto niya talagang ilihis ang usapan dahil hindi siya sanay na nakakaramdam ng inseguridad. At sa mga sinabi ni Nico ay nasa ilalim na ng lupa ang self-esteem niya.

“You have to change to get Brandon’s attention and respect.”

“Ako? Magbabago? Excuse me!” Napataas na ang boses niya.

“Kung paiiralin mo iyang pagiging brat mo kahit isang porsyento, wala kang aasahan sa Brandon mo,” ani Nico.

“Hindi ako brat!” pagtatanggol niya sa sarili.

“Eh, ano ang tawag sa isang tulad mo na gusto masunod palagi? Ano ang tawag sa isang tulad mo na hindi lang masunod ay magta-tantrums na?”

Nagpanting ang tainga ni Heart sa mga sinabi nito na purong katotohanan. Umigkas ang kamay niya para patikimin ito ng sampal pero di hamak na mas mabilis ito at naagapan ang gagawin niya.

“Hindi ka uubra sa ’kin. Nababasa ko ang bawat galaw mo Heart,” mayabang na sabi ni Nico.

*Heck!* Bakit ba kailangan pang magkatagpo sila ng lalaking ito?

“Bitiwan mo ang kamay ko,” mariing utos niya rito.

“Do you agree to cooperate with me?”

“Let go of my hand!” Pero nananadya nga talaga ang Hudyo dahil kinabig pa siya palapit sa katawan nito.

Hindi pa nagkasya sa ginawa ay inilapit pa ni Nico ang mukha nito sa mukha niya. Nahipnotismong nakatutok na lang ang mga mata niya sa mga mata nito. Her knees were losing their strength now. At parang mayroon siyang inaasam. Ang mga mata

niya ay kusang bumaba sa mga labi ni Nico. Bago pa man niya ma-process kung ano talaga ang kakaibang nararamdaman niya sa pagkakataong iyon ay natapos na ang nakakailang na sitwasyon.

“I’ll take your silence as a yes. It’s a deal, then. Tomorrow we’ll turn our plan into reality.”

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Inilayo na siya ni Nico sa katawan nito at tuluyang binitawan.

The magical moment was broken. Hahampasin sana ni Heart si Nico pero mabilis itong nakalayo sa kanya.

Pasipol-sipol pa ito na naglakad palayo sa kinatatayuan niya.

---

May limang ibinatas sa kanya si Nico para umano mapaibig niya si Brandon. Una, kailangan niya raw magdamit ng simple at disente.

“Teka, teka, I’m always in decent clothes!” Binigyan lang siya ng “Oh, really?” stare ni Nico. Ipinagpatuloy ni Heart ang pagbabasa ng plano nila. The whole plan was in writing.

Ikalawa, kailangang tumaas ang grades niya.



Ikatlo, kailangan niyang matutunan ang magluto—mukhang wala siyang pag-asa sa parteng iyon dahil hindi pa siya nakapagluto sa buong buhay niya.

Number 4, kailangan daw na matuto siyang magpakumbaba.

Number 5, kailangang sundin niya ang lahat ng iuutos sa kanya ni Nico.

“Bakit kailangan kong gawin ang Number 5? At para saan pa iyong one to four kung gagawin ko rin lang naman pala lahat ng ipag-uutos mo?” May hindi yata tama sa *plano* nila.

“Ako ang magiging guro mo sa isang buwan ng gagawin mong pagbabago kaya dapat lang na sundin mo ako,” saad ng binata.

“Mr. Pozon, you can't expect me to sign this agreement. Hindi plano itong ginawa mo kundi mga batas mo na gusto mong sundin ko.”

“Umaatras ka na sa napagkasunduan natin? Kahit pirmahan mo 'yan o hindi, wala na sa akin. Nag-print lang ako ng kopya para malinaw. Just as I thought, you are a weakling. Hindi mo kayang gawin ang lahat makuha mo lang ang gusto mo.” Sinadya nitong magtunog-insulto ang sinabi.

At gaya ng gusto nitong mangyari, napapayag siya ni Nico sa plano nito. She even signed the damned agreement. Tumayo na siya matapos ibalik sa lalaki ang ballpen nito.

“Saan ka pupunta?” tanong nito. Nasa canteen sila noon ng Engineering Building. “Our class starts now.”

Wala siyang nagawa kundi ang sumunod dito. Nang lulan na ng sa sasakyan ni Nico, sinabi ng binata na isasama siya nito sa paggo-grocery.

Sa siyudad nag-grocery ang mokong. Hindi siguro nito feel ang maliit na grocery sa bayan kaya nag-aksaya pa ito ng gasolina. Kanina pa sila ikot nang ikot sa loob ng grocery pero di pa rin tapos sa pamimili ang magaling na lalaki. Puno na ang malaking cart na nasa unahan niya at di birong kalbaryo ang tinitiiis ng maliit niyang mga braso sa pagtutulak niyon.

Huminto siya sa isang sulok para magpahinga.

“Can’t you move any faster?” anang lumapit na si Nico. Mas matangkad at malaki ang katawan nito sa kanya pero ni tumulong man lang sa pagtutulak ng cart ay hindi nito ginawa. Mas nasisiyahan pa ito sa ginagawang panenermon sa kanya dahil mabagal

siya.

“Ikaw dapat ang nagtutulak nito,” pagrereklamo niya.

“Pati ba ang pagtutulak ng cart ay hindi itinuro sa iyo sa bahay n’yo? Rule Number 5 says—”

“Okay! Pero wala sa usapan natin na abusuhin mo ako, ah.”

Nasasanay na yata ang Nico na ito sa pagkuwestiyon sa ginawang pagpapalaki sa kanya. Nanahimik na lang siya. Lumapit ito sa estante na kinalalagyan ng mga imported chocolates. Kumuha ito ng ilan.

“Hindi ka pa ba tapos?” naiinip na tanong ni Heart.

“I’m almost done,” anito at naglakad na.

Napipilitang sumunod siya rito. Sa dami ng inilagay nito sa cart ay di niya maiwasang mag-isip na baka magtatayo ito ng sari-sari store.

O baka naman may balak itong mag-conduct ng outreach program?

Nang maglakad na ito papunta sa cashier ay natuwa si Heart. Sa wakas, matatapos na ang

kalbaryo niya. Ang tuwa niya ay napalitan ng inis nang ang binayaran lang ng lalaki ay ang sliced bread, tatlong de lata ng meat loaf at ang mga chocolates na inilagay nito sa cart.

Ibig sabihin ay itinulak niya ang mabigat na cart para lang iwan doon sa loob ng grocery.

Nahihiyang ngumiti na lang siya sa babae na nasa cash register. Baka kung ano ang iniisip nito.

Nagpatiuna na ang lalaki sa kanya. Matapos mailagay sa supot ang binayaran ni Nico ay kinuha na niya iyon. Naabutan niyang prenteng nakaupo ang lalaki sa driver's seat. May pasipol-sipol pa itong nalalaman.

Binuksan ni Heart ang front passenger door, ipinatong sa puwesto niya kanina ang pinamili, at isinara na ulit ang pinto ng kotse.

Hindi niya makakayang makasama pa nang matagal si Nico. Baka kasi hindi na siya makapagtimpi. Tatal nasa kanya naman ang bag niya, maghahanap na lang siya ng telepono dahil battery empty na ang cell phone niya.

Tatawagan niya ang papa niya, magpapasundo siya sa mall na pinuntahan nila ni Nico. Nakahanap siya ng tindahan. Iniabot niya sa ale ang bayad niya

at nag-dial na. Magsasalita na sana siya nang marinig niya ang boses ng kanyang papa pero may humablot ng receiver mula sa kanya. Iyon ay walang iba kundi si Nico na hindi niya alam kung bakit hanggang doon ay nakasunod pa rin.

“Tito, gagabihin kami ni Heart. Sa amin po siya magdi-dinner. Opo, opo... Sige po.” Matapos magpaalam ng pakialamerong si Nico ay ibinalik na nito ang receiver sa lalagyan.

*Wow!* Hindi man lang niya nakausap ang papa niya. *Magaling!* Naiinis na naglakad na siya palayo kay Nico. Kahit mabibilis ang hakbang niya ay naabutan pa rin siya nito.

“Saan ka naman pupunta ngayon?” Humarang ito sa dadaanan niya.

“Nagtanong ka pa. Eh, di magpapakalayo sa 'yo,” pamimilosopo niya.

Humakbang siya pakaliwa para lampasan ito pero humarang lang ulit ito sa kanya.

“Nico, pagod na ako. Puwede ba tigilan mo muna ako ngayon? Sinubukan ko nang pahabain ang pasensya ko kanina at improvement na iyon. Tapos na ang transformation lesson ko ngayon.”

Umiling lang ito. “Kailangang sumama ka sa ’kin sa bahay.”

“Nico, huwag mong sagarin ang pasensya ko.”

“Prinsesa, pumayag kang makipagtulungan sa ’kin, remember?”

Binilisan niya ang paghakbang pakanan para maungusan ito dahil walang kuwenta kung pakikiusapan niya ito nang maayos. Pero mas maliksi talaga ito kaysa sa kanya. Nagawa nitong iharang ang braso sa daraanan ni Heart.

He pulled her by the waist at sa lakas ng pagkakahila nito ay tumama ang katawan niya sa katawan nito. Ang kamay niyang naipit sa pagitan ng katawan nila ay sinubukan na itulak ito palayo dahil hindi na siya komportable sa sobrang lapit nito.

Naroon na naman ang weird na pakiramdam na nararanasan niya tuwing nagkakalapit ang mga katawan nila.

“You’re giving up on your dear Brandon, Heart?” bulong nito.

*Brandon?* Tinutulungan siya ni Nico para makuha niya si Brandon pero bakit iba na ang nararamdaman niya sa tuwing magkakalapit sila ni Nico?

*Nico's Heart - Cassandra Victoria*

---

Napalunok si Heart. Bakit ba ang mainit na hininga nito na dumampi sa kanyang leeg ay may kakaibang sensasyong dala?

Iniakbay ni Nico ang kamay nito na nasa braso niya at inakay siya sa patungo sa kotse nito.

# 3

“Ouch!” Nagsisimula pa lang nga siya sa cooking lessons niya ay nasugatan na siya. She put pressure on the cut on her finger.

“Ano ba, balak mo pa yatang lagyan ng dugo mo ang adobo, eh,” sabi ni Nico na nasa tabi na niya.

“Shut up!” Inirapan niya ito at naglakad na siya papunta sa sink para hugasan ang sugat niya. Pinatulo niya ang faucet.

Sumunod si Nico at pumuwesto sa kanyang tabi. Before she could place her finger under the running water ay hawak nito ang kamay niya. At buong panahong nililinis niya ang sugat ay hindi iyon binitawan ni Nico.

“You can let go of my hand now,” Heart said. Hindi na siya komportable sa init na dala ng paghawak ng kamay ng lalaki sa kanya. Tumingala siya dito at mali ang ginawa niya dahil parang may magnet ang mga mata nito at hindi niya maialis ang tingin dito.

Nanatiling nakatutok lamang sa mga mata nito ang paningin niya. Hanggang sa bumaba ang mukha ni Nico. Ang alam na lang niya ay nakadikit na ang



mga labi nito sa kanya.

Iyon ang una niyang halik.

At hindi naman pala katulad ng sabi ng mga kaklase niya na may makikita siyang mga bituin—dahil kahit nakapikit ang mga mata niya, ang guwapong mukha ni Nico ang naiisip niya. Ang isang kamay nito ay nakapaikot na sa kanyang baywang.

Hiniling niyang di na matapos ang sandaling iyon pero si Nico mismo ang lumayo sa kanya.

“I’m sorry,” he said abruptly.

Ewan niya kung ganoon kabilis lumarawan ang lungkot sa mukha niya nang humingi ito ng paumanhin pero nataranta ito sa pagpapaliwanag.

“I’m not sorry that I kissed you. It’s just that...” Natampal nito ang noo. “Okay, let us just forget it. I have a medicine kit. Lets treat your wound first bago ka magpatuloy sa pagluluto.” Nakabawi kaagad ito sa pagkataranta gayong siya ay hindi pa rin nakaka-recover sa ginawa nitong paghalik sa kanya.

He kissed her and he said sorry after kissing her. Mas gumulo ang isipan ni Heart nang sinabi nito na hindi para sa panghahalik nito ang paumanhin.

Mahirap sundin ang mga utos nito, pero mas

hirap siyang maintindihan si Nico.

---

“Saan ba talaga tayo pupunta?” naiinip na tanong ni Nico kay Heart. Kanina pa sila paikut-ikot sa eskinitang iyon. Inutusan siya ng dalaga na lumiko sa isa pang eskinita.

Ilang sandali pa ay puro talahiban na lang ang nadadaan nila. Hanggang sa nasa harapan na sila ng isang malaking gate.

*Munting Tahanan.* Iyon ang nabasa niyang nakasulat sa malaking arko sa itaas ng gate. Bumusina si Heart.

Napailing na lang ang binata rito. Hindi ba ito puwedeng makisuyo na bumusina siya tatal siya ang nasa manibela?

Ilang sandali pa ay bumukas na ang gate. Isang matandang babae na sa tingin ni Nico ay nasa cuarenta años ang nagbukas ng gate para sa kanila. Isinara rin nito iyon pagkatapos. Isang malawak na hardin at malaking bahay ang nasilayan ng binata.

Eksaktong nai-park ni Nico ang sasakyan ay excited na bumaba kaagad si Heart. Sinalubong sila ng mga batang sa tingin niya ay nasa tatlo hanggang

sampung taong gulang ang edad.

Narinig ng binata kung paano kinulit ng mga bata si Heart. Nakangiting sinagot ng dalaga ang mga tanong ng mga ito.

Ibang Heart ang nakikita ni Nico. Nitong mga nakaraang araw, lahat ng nakikita niya sa dalaga ay maganda.

Nang gawin ni Heart na katawa-tawa ang mukha nito para lang mapangiti ang batang umiiyak ay maganda pa rin ito sa tingin niya.

Teka, humahanga na ba siya rito? Kung iisipin ay marami pang babae ang mas maganda kaysa rito. Pero bakit habang tinitingnan niya kung paano makitungo si Heart sa mga bata ay nagkakaroon na siya ng bagong depinisyon ng maganda?

Inalis niya ang mga matang nakatutok dito nang makitang papalapit na ito at ang mga bata sa kinatatayuan niya.

“Siya si Kuya Nico, magpakilala kayo sa kanya. Ikaw muna, Liit.” Itinuro ni Heart ang isang cute na batang babae.

Nagpakilala ito at sumunod sa pagpapakilala ang iba pa. Napansin niyang may kani-kanyang palayaw

ang mga bata. Matapos iyon ay iniwan siya ni Heart sa mga bata. Sumama ito sa babaeng nagbukas ng gate sa pagpasok sa malaking bahay.

Nakipaglaro si Nico sa mga bata. Nang mapagod ay sinabi niyang magkuwentuhan na lamang sila. At hindi kuwentuhan ang nangyari dahil panay sagot sa mga tanong ng binata ang maririnig mula sa mga bata.

“Alam mo, Kuya Nico, simula nang dalhin kami ni Ate Heart dito ay ngayon pa lang siya nagdala ng kaibigan,” ani Liit.

“Ang Ate Heart n’yo ba ang nagdala sa inyo lahat dito?” curious na tanong niya.

Sabay-sabay na tumango ang mga bata.

Nitong mga nakaraang araw ay nakita niya kung paano subukan ni Heart na pahabain ang pasensya nito. Nabawasan din ang pagmamaldita ng dalaga. At higit sa lahat ay nakita niya kung paano ito nagsikap na matutunan ang mga gawaing bahay.

Ngayon naman ay nakita niya ang itinatagong kabutihan nito. Sino ba siya sa akala niya? Heart was a better person than him. Mas mabuti itong tao kaysa sa sinuman na nakilala niya. Nagkakamali ang lahat na nag-aakalang wala itong nalalaman sa buhay

kundi mag-inarte.

“Siya po ang nagsisilbing nanay, ate, tatay at kuya naming lahat,” boluntaryong komento ng batang lalaki na may palayaw na ‘Kulot’ dahil sa kulot na buhok nito.

“Nasaan ang pamilya ninyo?” hindi napigilang itanong ni Nico.

“Nasa heaven na ang nanay at tatay ko,” sagot ni Kulot.

“Ikaw?” baling niya sa katabi nitong batang babae.

“Sa kalye na po ako lumaki, Kuya,” sagot ni Kring.

“Ibig sabihin n’un ay ang Ate Heart n’yo ang nagtutustos sa mga kailangan ninyo?” di-makapaniwalang tanong niya.

Ang pagkakaalam niya kasi ay gastador si Heart kaya imposibleng nagagawa nitong magtabi ng pera para sa mga batang ito. Nakaabot nga sa kanya ang balita na ipina-cancel ng mga magulang ng dalaga ang credit card nito sa loob ng tatlong buwan dahil umabot ng cincuenta mil ang bill nito sa loob ng isang araw lang.

Nakarinig sila ng pagtikhim. “Mukhang napapasarap na ang kuwentuhan ninyo, ah.” Napalingon ang lahat kay Heart.

Hindi niya namalayang nakalapit na sa kanila ang dalaga. Kasama pa rin nito ang matandang babae.

Tumayo ang mga bata mula sa pagkakaupo sa damuhan. Gayon na rin ang ginawa ni Nico. Ipinakilala ni Heart si Nico kay Manang Celia.

Magiliw ang naging pagtanggap ng matanda sa kanya. Sabay-sabay silang pumasok sa bahay. Handa na raw ang merienda. Nang marinig ang tungkol sa pagkain ay mabilis na nagsitakbuhan ang mga bata.

Nagpahuli na sina Heart at Nico.

“I didn’t know that you are a philanthropist,” biro ni Nico.

“Good thing I have credit cards, Mister. And I have friends na handa ring tumulong. Hindi ko nga lang sila mapilit pa na sumama rito, pero alam kong darating din sila d’un.”

“Sorry, Heart. And thank you for bringing me here,” sinserong sabi ng binata.

“Thank you for giving me the courage to bring you here,” Heart said. Pinakatitigan siya nito.

Nabigla ang dalaga nang hawakan ni Nico ang kamay nito. Hindi niya iyon binitawan hanggang sa umabot sila sa komedor na puno ng kulitan ng mga kumakaing bata.

---

Ikaapat na linggo na ng team up nila ni Nico at sa loob ng panahong iyon ay hindi na inis ang nararamdaman ni Heart para sa binata.

Nakikita na rin niya ang buting naidudulot ng mga tasks nito para sa kanya.

Ngayon ay may usapan sila ni Nico na magkikita sa poolside. Naabutan niya itong kakaahon lang mula sa pag-eensayo sa paglangoy. The man was wearing trunks and water was dripping from his perfectly trimmed body. Fine hairs trailed down his abdomen.

Ipinitik ni Nico ang mga daliri nito sa tapat ng walang kakurap-kurap niyang mga mata.

“Prinsesa, baka matunaw ako niyan. Kawawa naman ang mga kabaro mo,” naaaliw na panunukso nito.

Naiinis sa sariling tumalikod siya rito. Nasisiraan na siguro siya ng bait. *Gosh!* She was so transparent! Kahit sino sigurong nakakita sa kanya nang mga oras

na iyon ay mababasa ang nakasulat sa mga mata ni Heart.

Napapitlag siya nang maramdaman ang pag-akbay ni Nico sa kanya. He was still in his trunks, for goodness' sake! At ramdam niya ang basa nitong katawan na nakadikit sa kanya.

Pasalamat siya at wala na siyang klase. Hindi nakapagsalita si Heart sa pagkabigla.

“Uy! Nagtatampo ang prinsesa.” Ngayon lang niya napansin na wala na ang sarcasm sa boses nito sa tuwing tinatawag siya nitong prinsesa. “Kain tayo,” imbita nito.

Magpapatiuna na sana siya rito para bumili ng pagkain at para na rin lumayo sa nagbabadyang tukso nang hawakan siya ni Nico sa braso.

“Saan ka na pupunta?”

“Bibili ng pagkain,” papilosopong sagot niya. “Gusto mong kumain, di ba? Paano ka bibili sa canteen, eh, nakahubad ka pa?”

“Sinabi ko ba na bumili ka na? Pinangungunuhan mo na ang teacher mo ngayon, ha? Hindi atsay ang hanap ni Brandon. Wait for me at sabay na tayong kumain sa canteen. Nakakawalang ganang kumain



nang mag-isa. Magsa-shower lang ako.”

---

Sa canteen ay ramdam ni Heart ang mga matang nakatingin sa kanila. She used to go there para abangan si Brandon pero heto at ang kasama niya ngayon ay ang lalaking ipinahiya niya sa harapan ng marami sa mismong lugar na iyon.

“Cook for me this weekend,” Nico said.

Nagtaka si Heart sa pakisuyo na nasa tono ng lalaki kahit walang *please* sa sinabi nito. “Ano naman ang ipapaluto mo?”

“Adobo. Dalhin natin sa mga bata. Mag-picnic tayo.”

Nag-isip pa siya kunwari.

“Sige na,” pamimilit ni Nico.

“Okay,” sang-ayon niya.

“After the competition tomorrow ay may party sa *Burrito* the next day. Sama ka,” sabi nito.

“What time?”

“6 PM. Let’s meet there na lang dahil susunduin ko pa si Mama sa airport.”

Muntik na niyang malimutan na uuwi nga pala ang mama ni Nico from attending a two-week convention in Singapore.

She had already met her Tito Gener and Nico's older brother and younger sister. The meeting was as unexpected as it was pleasant. Ang hindi niya alam ay kung ano ang nakain ni Nico at ipinakilala siya sa pamilya nito.

*Ah, ewan.* Baka tinopak lang ang magaling niyang teacher. Basta, ang mama na lamang ni Nico ang di pa niya nakakaharap.

“Okay,” sabi ni Heart.

“Is something bothering you?”

“Huh?” Napaangat ang mukha niya mula sa kinakain para tingnan ang mukha nito. *Mukha ba akong may problema?*

“Baka may mga sekreto ka, kapilyahan o iba pang kabaitang hindi ko pa alam.”

Nahulog siya sa malalim na pag-iisip. Kahit anong isip niya siguro ay wala na siyang maikukuwento rito.

Dinala na niya si Nico sa ginawa niyang shelter para sa pitong bata na napulot niya. Siguradong nakarating na rito ang lahat ng kuwentong umiikot

tungkol sa kanya sa unibersidad. Wala na siyang balak idagdag doon.

“Wala. Sa tingin mo may problema ako?”

“Sa tingin mo ba puwede akong maging ideal man mo sa halip na si Brandon?”

Nasamid si Heart sa sinabi ni Nico. Sinalat niya ang noo ito. Baka kasi may lagnat lang ito. But he seemed fine.

“Nagbibiro ka ba?”

“I’m serious.” He held her gaze and his eyes spoke of sincerity.

Kahit na oo ang gusto niyang isagot ay pinairal ni Heart ang katinuan.

Paano kung mapabilang lamang siya sa mga babaeng nahuhumaling kay Nico pero wala ring kahihinatnan? At di ba si Stacey ang gusto nito? Ibig bang sabihin, sumusuko na ito sa babae? At siya na lang, ganoon ba? Second best? Tatanggapin ba niya kahit alam niyang pangalawa lang siya kay Nico dahil hindi nito makuha ang totoong gusto nito?

Ang rason lang kung bakit magkasama sila nang mga nagdaang araw ay dahil kailangan nila ang tulong ng isa’t isa. They had better stick to the

plan. Nico made her a better person. Hindi na siya interesado kay Brandon. Pero tutulongan niya si Nico na makuha ang pag-ibig ni Stacey.

“Have I ever told you that you are a lovely person?” he asked.

“Hindi iyan ang sinabi mo sa 'kin before,”

“Well, I got to know you better. My opinion has changed. Naniniwala ka ba?”

“Hindi. Naaapektuhan ka na ba ng charm ko, Mr. Pozon? Nakakalimutan mo na ba na hindi ako ang ideal woman mo? You want someone beautiful but simple. Si Stacey. Remember? Iyong babaeng may alam sa buhay at maipagmamalaki mo?”

“You don't think papasa kang ideal woman ko? Iniisip mong di kita maipagmamalaki?”

“Papasa ba ako kahit hindi ako clone ni Stacey?”

“You two are different, I admit. You speak out your ideas and you don't care even if others take it the wrong way. You will do everything to get what you want, to have your own way, pero hindi ibig sabihin noon na brat ka tulad ng sinasabi ng iba at ng inakala ko. You can't do household chores, but it's not because you don't want to. Lumaki ka lang kasi na

pinagsisilbihan. You're usually very short-tempered, but you are very patient when you are dealing with kids.”

Touching, pero wala sa sinabi ni Nico ang gustong marinig ng bata niyang puso.

“You are right, magkaiba kami ni Stacey. You like her samantalang ako, pinilit mo lang ang sarili mo na pakisamahan ako dahil kailangan mo ang tulong ko.” Matagumpay niyang naitago ang lungkot na nararamdaman.

Hindi na nagsalita pa si Nico at maging siya ay hindi na rin naglakas-loob pa na umimik.